
# Kuto-Tohanan

## Alamin, Alagaan, at Huwag Ikahiya



# Naranasan Mo Na Ba?

1. Nagkaroon ka na ba o ng kakilala mo ng kuto? Ano ang naging karanasan mo?

2. Ano ang sa tingin mong dapat gawin kung may kaklase, kaibigan o kakilala ka na may kuto?

3. Naapektuhan ba ang relasyon mo sa iyong mga kaklase, kaibigan, kapamilya o kakilala noong nagkaroon ka ng kuto?

# Kung ikaw ay isang karakter dito, ano ang magiging itsura mo?


I-drawing mo dito!

Ang pangalan ko ay: ______________________

Baitang at Section: ______________________

Sa Barangay Dyis, naninirahan ang makulit, pala-laro—pero mabuting bata na si Karla. Madalas, matatagpuang kasama ni Karla ang kaniyang matalik na kaibigang si Maria.





Hilig nilang magtawanan sa init ng araw, mag-habulan, at kumuha ng litrato. Matapos ang mahabang araw ng paglalaro, nagpaalam si Karla kay Maria upang umuwi bago mag-gabi.

Pag-uwi, bumungad kay Karla ang kanyang kapatid na si Totoy, ang kanilang bunso sa pamilya. “Ate! Naka-uwi ka na agad! Tara, laro tayo!”, ani ni Totoy. “Sandali lang, inom muna ako ng tubig! Tapos, laro na tayo.” Naka-ngiting tugon ni Karla.



Dali-daling bumukas ang pinto at pumasok ang kanilang ate, si Kikay. “Hello, Karla! Totoy-bunso! Kamusta kayo?” Sabi ni Ate Kikay habang inaalis ang kanyang sapatos. Tinanggal niya ang kanyang ipit sa buhok sabay kumuha ng tuwalya upang maligo. “Ang init ngayon! Maliligo muna ako,” sabi ni Kikay.




Maya-maya ay dumating na ang kanilang Nanay Ruby, dala-dala ang mga pinamili. “Hay salamat naka-uwi rin! Bumili pa kasi ako ng ulam natin pagka-out ko ng trabaho.” Tumigil maglaro ang magkapatid at dali-daling tumakbo sa kanilang nanay at yumakap. “Nay! Nakauwi ka na!” sabi ng magkapatid na may naglalakihang mga ngiti. Yumakap pabalik si nanay Ruby. “O siya, ako ay mag-luluto na’t maka-kain na tayo.”


Pagkatapos kumain ng pamilya, lahat sila ay tumayo upang tumulong maghugas ng pinggan at magligpit ng pinagkainan. Pagtapos, kanya-kanyang naligo at nag-aayos bago matulog.

Kinabukasan, si Karla ay sumakay ng jeep papasok ng kanyang eskwelahan. “Lima pa, lima pa!” sigaw ni Manong sa jeep. Naka-upo ngunit git-git na git-git si Karla sa kasikipan ng jeep. Sa isip-isip ni Karla, ‘Kuya, para na akong napiping tinapay dito sa gilid! Tama na po!’. Siya’y napa-buntong hininga na lamang at napapikit.






Maya-maya pa ay umandar na ang jeep! Lahat ay napa-urong at ang ale na katabi ni Karla ay nasubsob sa kanya! Ang mahabang buhok ng ale ay sumampal sa mukha ni Karla. Wala siyang nagawa kung 'di tanggapin ang kanyang kapalaran sa loob ng matulin na jeep.



Pagbaba, hapong-hapo at pawis na pawis si Karla sa init at dami ng taong kasabay. Dali-dali niyang pinunasan ang kanyang noo gamit ang kanyang panyo. Nangati ng kaunti ang kanyang ulo at siya ay napakamot. Bigla-biglaang nakarinig ng boses si Karla... "Ang init naman 'don, buti't sariwa na ang hangin dito sa labas!", laking pagtataka ni Karla kung saan ito galing.

Binalewala niya ito at pinagpasiyahang guni-guni lamang. Huminto at pinagpag niya ang kanyang uniporme sabay hinawi ang kanyang buhok para umayos ng kaunti. "Hi Ate Guard!" sabi ni Karla sa kanilang guwardya na may ngiti at halong kaway. Tumango at kumaway pabalik si Ate Guard sa kanya.



Sa klasrum, nakasubaybay sa nakaupong si Karla ang kaklase niyang si Leo. Mariing pinagmasdan niya ang kanyang mukha. Napaisip si Leo, "Ang ganda-ganda talaga niya..." Pero... Parang may gumagapang sa kwelyo ni Karla! Agad na umasim ang mukha ng binatilyo. "Eww... Karla, may kuto ka?! Nakalimutan mo bang maligo?" Nagulat si Karla at biglang napalingon sa kanya, at sabay tingin sa sariling kwelyo. "Huh?! Naligo kaya ako ngayong umaga!" Natataranta na sagot ng dalaga. Pinagpag niya ang kaniyang kwelyo matapos nito. Bigla-bigla na lamang, nakaramdam si Karla ng pangangati!

Mabilis niyang kinamot ang kanyang ulo. Narinig ng isang kaklase ni Karla ang pangyayari at biglang sumigaw, "HALA! Si Karla may kuto?! Kutohin ka pala Karla!" Lumingon si Adriana sabay tawa at bulong sa katabi "Uy, si Karla.. May kuto!" Maya-maya pa... ang lahat ay nakatingin na sa hiyang-hiyang si Karla.

"Si Karla may kuto!"
"Uy, baka mahawa tayo, wag tayo tumabi sa kaniya!"
"Hindi pala siya naliligo... Kaya pala parang laging magulo ang buhok niya!"



Napalunok si Karla, sabay tayo. Nakarinig ulit siya ng boses.. "Doon na lang ako sa likod. Nakahihiya! Nakaiinis! Parang...ang dumi-dumi ko!" Lumipat si Karla ng upuan para mapag-isa. Nakaramdam si Karla ng lungkot, pandidiri at lito. Lito dahil hindi niya alam kung bakit siya biglang nagkaroon ng kuto. Sa mga oras na iyon, damang-dama niya ang pangingilid ng luha sa kanyang mga mata.

BRRRRIIIIIIIIIIIIIIIIIINGGGGGGGGGGG!!

Sa kanteen, umupo si Karla sa isang sulok kung saan walang tao at malungkot siyang nagsimulang kumain. Maya-maya may napansin siyang anino sa harap niya. Pagkatingin niya, nakita niya si Maria.

"Karla, ano nangyari? Narinig ko ang mga sabi-sabi… Totoo ba? May… kuto ka?" Sabi ni Maria.



Tumango na lamang si Karla at malungkot na tumugon, "Lumayo ka na sa akin, baka mahawa ka pa."




Sumimangot si Maria. "Pero.. Ayaw kitang iwan. Nasasaktan akong malungkot ka, Bestfriends kaya tayo! Natatakot rin ako mahawaan, pero ayaw rin kitang iwan. Magulo 'di ba? Pero dito lang ako, pramis!" sabi ni Maria habang may malaking ngiti para kay Karla.

Halos maiyak si Karla sa kaniyang narinig. "Huhu.. Maria! The best ka talaga! Pero, doon ka na lang sa kabila para hindi kita mahawaan!" Bilin ni Karla.



Natatawang sumagot si Maria. "Oo ba! Sige, dito muna ako." Sabay silang kumain at nagbahagi ng mga kwento.




Pabalik sa kanilang silid, siya ay umiiwas na pumwesto sa kaniyang upuan. Maya-maya, siya ay kumamot...At kumamot... At kumamot nang kumamot... buong araw hanggang matapos ang kanilang klase.

"Paalam ate Guard..." Malungkot na sabi ni Karla sa kanilang guwardya habang papalabas sa kanilang paaralan. Narinig niya ang mga halakhak at mga yapak ng mga batang tumatakbo at naglalaro. Napatingin nalang ang dalaga ang malungkot na naglakad pauwi.

Samantala, ang kanilang Teacher Tintin ay inoobserbahan ang kaganapan sa nalayo. Napailing nalang siya. “Kawawa naman si Karla.”

Nag-aalala siya sa kalagayan ng bata, kaya tinawagan niya si Nanay Ruby para ipahatid sa kaniya ang mensahe na si Karla ay nagkaroon ng kuto.



Pag-uwi ni Karla, tumakbo sa kanya si Totoy. Biglang pinigilan niya ang bunso gamit ang paglagay ng kaniyang palad sa noo nito.

“Ateee!! Yakap? Ayaw mo ba? Galit ka ba sa akin?” Sabi ni Totoy habang naka-nguso.



“Hindi naman sa ganoon.. May kuto kasi ako.” sabi ni Karla.

“Kuto? Ano ‘yon?” Tanong ni Totoy.

“Ah.. Basta! ‘Wag muna ngayon ‘Toy.” Sabi ni Karla sabay padabog na umupo. Maya-maya, biglang...



WHAM! Si Nanay Ruby! Nakauwi agad si Nanay Ruby galing sa kaniyang trabaho, may dala-dalang plastik na naglalaman ng gamot.

“Karla! Halika dito at kukutuhan kita!” Ani ni Nanay Ruby.

“Kukutuhan?” Gulat na tanong ni Karla.
“Oo, tatanggalin natin ‘yang kuto mo.” Sabi ni Nanay Ruby.

Inutusan ni Nanay Ruby na magpalit ng pambahay si Karla na dali-dali niyang ginawa. “Tara, dito tayo sa banyo para malagay ko itong gamot sa ulo mo.” Sabi ni Nanay Ruby.

‘Huh?! Gamot?!’ Inisip ni Karla. “Ayaw ko! Masakit iyan!” Sigaw ni Karla.
“Hindi pwedeng ‘di gamutin ‘yan. Nakahahawa ‘yan!” Sabi ni Nanay Ruby.

“Pero..!”
“Dali na!” Sabi ni Nanay Ruby.

‘Gamot… Masakit! Ang sakit-sakit!’ biglang rinig ni Karla. ‘Huwag mong hayaang mapunta itong gamot sa ulo mo, Karla… Masakit ‘yan!’ sabi ng maliit na boses.




Lumapit si Nanay Ruby at sinabi kay Karla. “Kailangan natin gamutin iyan, para hindi ka makahawa. Pramis, hindi ito masakit.”

Tumingin si Karla sa kanyang nanay. Unti-unti siyang naiiyak sa takot pero madali ring sumunod.

Sabay silang mag-inang pumunta sa banyo. Binasa ni Nanay Ruby ang buhok ni Karla, pagkatapos binuksan niya ang shampoo na mayroong Permethrin! Mabusising minasahe sa anit, sa likod ng tenga at sa batok si Karla. Pag-tapos, binabad ng sampung minuto ang shampoo.



Habang naghihintay, dumating si Ate Kikay.

“Oh Karla? May kuto ka pala?” Sabi ni Ate Kikay.
“Oo ate! Natatakot ako! Baka mahawaan kayo pati mga kaklase ko..”
Sabi ni Karla.

“Nako! Ano ka ba! Normal lang ‘yan!” Sabi ni Ate Kikay. “Nagkaroon rin ako ng kuto, kahit si nanay.” Dagdag niya habang siya ay naglapag ng gamit.

Napatingin si Karla sa kaniyang nanay. “Totoo ba ‘nay?” Tumango si Nanay Ruby. “Oo, anak. Pero, dati hindi namin alam kung paano gamutin lalo na’t sa probinsya kami nakatira.” Sabi ni Nanay Ruby.

"Sa probinsya, mahirap bumili ng ganitong shampoo. Kaya minsan kinakalbo kami 'pag nalamang may kuto kami." Dagdag niya. "Pero mas madali na ngayon! Maraming mga doktor at madali nang magpakonsulta. Nagpa-check-up pa ako noon kay Ate Kikay mo at dahil doon alam ko na ang gagawin ngayon!" Nakangiting sabi ni Nanay Ruby.

"Kaya ako, lagi akong naliligo at sinisigurado kong laging bago ang aking mga sinusuot at iniiwasan ko rin magpahiram ng mga personal na gamit." Sabi ni ate Kikay. "Alam mo, kahit rin malinis tayo, hindi talaga natin maiiwasan magkaroon ng kuto." Dagdag niya



Natapos ang sampung minuto at hinugasan ng mabuti ni Nanay Ruby ang ulo ni Karla. Pagkatapos ay gumamit siya ng puting tuwalya para patuyuin ang buhok ni Karla.


"Ate Kikay, paabot naman ng suyod." Utos niya kay Ate Kikay. Kinuha ni Ate Kikay ang suyod at inabot ito sa kanilang nanay. Sinimulang suyurin ni Nanay Ruby ang buhok ni Karla.Habang sinusuyuran si Karla, si Totoy naman ay mangha-manghang nanonood lang sa tabi.

Habang sinusuyuran ni Nanay Ruby si Karla.. Bigla silang may narinig na maliit na boses.



"AHHHH! Itigil niyo iyan! Nasasaktan ako!" Sabi ng maliit na boses. May maliit na kuto na gumapang sa daliri ni Nanay Ruby. "Tama na!! Susuko na ako!"

Nagulat na lamang ang magkapamilya. MAY NAGSASALITA NA KUTO?!



Nagtinginan ang lahat. "Nako!Hindi pwede iyan! Mahahawa kami!Alam ko ang ginagawa mo! Ikaw pala ang bumubulong kay Karla ng kung ano-anong mga bagay." Sabi ni Nanay Ruby. Titirisin na sana niya ng biglang..

"TEKA! Pagbigyan mo mag lang ako mamili paano umalis..." Ma-drama niyang sinabi. "Na para bang.. May pangalan ka, ha?" Patawang sinabi ni Nanay Ruby.

"Oo!Ako kaya si Larry!" Sabi ng kuto. "Maniwala?"
"Oo nga!Hayaan mo, ako at ang mga kapatid ko na ang aalis!" Malungkot na tugon ng kuto.

"PAALAM MUNDO! Masarap ang dugo mo Karla, kung ako ay magiging kuto ulit, gugustuhin ko tumira ulit sa iyong buhok!" Sabi ni Larry.

"Huh?! Ayaw ko nga! Huli mo na yan!" Natakot si Karla.

Natawa si Larry. "Biro lang! Ito naman 'di mabiro!" Kusang tumalon ang kuto at siya'y bumulagta na lamang sa panyong puno ng kemikal.

Nagtinginan ang lahat. "Ang weird!" sabi ni Ate Kikay.



Pagkatapos suyurin si Karla, tumayo sila ni Nanay Ruby. “Kailangan nating bantayan ang mangyayari pagkatapos ng pitong araw.” Sabi ni Nanay Ruby habang nagpapagpag ng binti. “Huwag kayong magpahiram ng mga ipit, suklay, panyo, damit at iba pa.” Sabi niya.

Naghapunan at naglinis ng bawat sulok ng bahay ang pamilya ni Nanay Ruby. Pinalitan nila ang kobre kama, punda, at mga sapin.Humiwalay rin matulog si Karla para hindi rin makahawa.


Kinabukasan, sa klase ni Teacher Tintin, “Mga anak, maging maingat tayo sa pag-bitaw ng mga salita.” Mariin at nagmamalasakit na payo ng guro.

“Ang pagkakaroon ng kuto ay normal lamang lalo na't sa inyong mga edad. Pero, hindi dahil wala kayong kuto ay tutuksuhin ninyo na ang nakararanas nito.”



Tahimik na nakinig ang buong klase at isa-isang tumayo papunta kay Karla.

# Palatandaan!



1. Gumamit ng PEMETHRIN SHAMPOO.
2. Basain ng maigi ang buhok, anit, gilid ng tenga at batok. Pagkatapos, masahiin ang anit gamit ang pemethrin shampoo.
3. Ibabad ang shampoo sa buhok, anit, gilid ng tenga at batok ng sampung minuto.
4. Banlawan ng maigi ang buhok.
5. Gumamit ng tuwalya na bagong laba, at gagamitin lang para sa iyo.
6. Punasan ang buhok, anit, gilid ng tenga at batok.
7. Gumamit ng suyod at tanggalin ang mga natitirang kuto sa iyong buhok.
8. Maghintay hanggang pitong araw bago ulit gumamit ng Pemethrin Shampoo para maubos ang natitirang mga kuto.

# Isang Maikling Pagsusulit

1. Aling shampoo ang dapat gamitin para mawala ang iyong kuto?
a) Sunsilk
b) Keratine
c) Pemethrin
d) Head & Shoulders

2. Ilang minuto mo dapat ibabad ang iyong buhok sa shampoo?
a) isang minuto
b) sampung minuto
c) sampung segundo
d) isang oras

3. Ano ang pwede mong gamitin upang matanggal ang kuto sa iyong buhok at anit?
a) pangkaraniwang suklay
b) tuwalya
c) kuko
d) suyod

4. Ilang araw ka ulit pwedeng gumamit ng shampoo na pangkuto pagkatapos mo gamitin?
a) pitong araw
b) isang araw
c) dalawang linggo
d) araw-araw

“Karla, pasensya na. Mali ang ginawa ko, sana mapatawad mo ako.” Sabi ni Leo.

“Ako rin, Karla. Natakot kasi ako, at ‘di ako maalam sa kuto.” sabi ng isa niyang kaklase.



“Sandali lang! ‘Wag kayo masyado lumapit! May kuto pa rin siya!” Sabi ni Adriana. Ang lahat ng nagtangkang lumapit ay humakbang pabalik.


"A-ano..!" Kinakabahang panimula ni Karla habang nakatingin sa kanila. "Ginagamot na ako ngayon! Araw-araw naman ako naliligo at sinusuyuran ng aking nanay."



"Ayun naman pala! Sana sinabi mo agad. Nag-alala lang naman ako." Sabi ni Adriana. "Sorry Karla. Alam kong hindi maganda ang aking mga nasabi mag-iingat na ako sa susunod." dagdag niya.

"Balik ka na sa pwesto mo! Miss ka na katabi ni Leo!" Sabi niya.
AAYIIIEEEE!!

Kinikilig na sambit ng magkakaklase. Namula si Leo. "Ano ba!Hindi naman! Wala lang akong maka-usap!" sabi niya.



Natawa lamang si Karla. "Sasabihan ko kayo kapag wala na akong kuto! Makakasama na ulit ako sa mga laro niyo." nakangiting tugon ni Karla. Lahat ay tumango at sabay-sabay na bumalik sa kanilang mga upuan ang klase ni Teacher Tintin.

Pagtapos ng kanilang mahabang araw ng pag-aaral, natapos ang kanilang klase ng may panibagong kaalaman at pag-unawa.

Hindi nagtagal at gumaling rin si Karla sa pagkakaroon ng kuto. Siya ay masaya na ulit, walang pag-aalala sa kaniyang pag-iisip. Salamat sa mabilis na pag-aksyon ng kanyang nanay na si Nanay Ruby!

Kaya ito, ang Kuto-tohanan ni Karla sa kanyang naging karanasan sa pagkakaroon ng kuto. Ikaw ba? Nagkaroon ka na ba rin ng kuto? Ano ang naging karanasan mo?



# TRIVIA!

## TOTOO ANG ISTORYA

Galing sa mga estudyante, titser at nanay ang mga nilalamang karanasan sa libro na to.

Nagkonsulta at galing sa doktor ang mga nilalaman kung paano gamutin ang iyong kuto?



Mula sa mga mag-aaral ng Dela Salle - College of St. Benilde... Ang mga sumusunod ay ang author ng proyektong

Maegan Alvarado
Bryan Bonono
Ryan Jimeno
Tisha Magno
Godfrey Reyes

# BISITAHIN AT LARUIN ANG AMING MINI-GAME!

Scan Me

website: https://kuto-tohanan.com/iteration1/game/

Si Karla ay isang mag-aaral sa pampublikong paaralan at siya ay nasa ika-limang baitang. Subalit, nagkaroon siya ng problema sa kaniyang pamilya at mga kaklase ng dahil sa kuto!

Samahan si Karla sa kanyang kwento at naging karanasan sa pagkakaroon ng kuto!



KUTO-TOHANAN!